



TAMANG GAWIN

Lahat ng matatanda ay dapat isipin ang kapakanan ng mga bata at siguraduhing ligtas sila sa pananakit, pang-aabuso, pang-aapi, at diskriminasyon.

Kung may napansin o nalaman na pang-aabuso, agad itong i-report sa Child Protection Committee o Child Protection Corner Personnel.

Dapat tratuhin ang lahat ng bata nang patas, may respeto, at may dignidad.

Gumamit ng mabait at magalang na pananalita sa pakikipag-usap sa mga bata.

Siguraduhing ligtas at maayos ang kapaligiran para sa mga bata.

Siguraduhing hindi nakakakita o nakakarinig ang mga bata ng mga content na hindi angkop sa kanilang edad (lalo na sa mga applications, audio, biswal o anumang materials).

Ang matutuluyan ng mga bata ay dapat hiwalay (babae sa babae, lalaki sa lalaki), para sa kanilang kaligtasan at privacy. May authorized personnel na magbabantay sa lahat ng billeting and sleeping quarters.

Kinakailangan na ang mga matatanda o adult support ay sensitibo sa sariling pagkakakilanlan (gender identity) ng mga participants sa kahit saang espasyo at pagkakataon.

HINDI DAPAT GAWIN

Gumawa ng anumang sekswal na gawain o kilos sa mga bata.

Magkaroon ng romantiko o hindi angkop na relasyon sa mga bata.

Gumawa ng kahit anong kilos na maaaring ituring na pang-aabuso o pananamantala.

Papasukin ang mga bata sa pribadong lugar o sasakyan ng matanda nang walang pahintulot at malinaw na dahilan.

Kasama ang bata sa tahimik o tagong lugar kung hindi kailangan, walang ibang kasama o walang makakakita.

Gumawa ng mga personal na gawain (tulad ng pagpapaligo o pagbibihis) kung kaya naman ng bata, maliban kung kailangang dahil sa kalusugan.

Gumawa ng hindi angkop na paghawak tulad ng yakap, halik, o larong nakakasakit.

Gumawa ng anumang pisikal na kilos na maaaring makasakit o hindi angkop.

Mang-insulto, manakot, o magsabi ng masasakit na salita sa mga bata.

Magsalita o gumawa ng kilos na nakakahiya o nakakasakit sa damdamin ng bata.

Magpakita ng pabor o espesyal na trato sa isang bata lamang.

Maging sobrang malapit o magpakita ng espesyal na atensyon na hindi kailangan.

Makipag-usap nang lihim sa mga bata (chat, tawag, o social media) nang walang pahintulot. Gamitin ang personal na impormasyon ng bata para sa sariling dahilan.

Magpakita o magbahagi ng malaswa, marahas, o hindi angkop na materyales.

Uminom ng alak, manigarilyo, magbenta ng alak at sigarilyo, o gumawa ng bawal na gawain sa harap ng mga bata.

Pag utos sa mga bata sa pagbili ng mga inuming nakalalasing at sigarilyo.

Magsugal o gumawa ng anumang gawain na makadudulot ng masamang epekto sa kalusugan at kapakanan ng mga bata habang nasa tungkulin.